8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 3

Aralin

7

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 3: Aralin 7 (Linggo 8)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panuruang 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Jingle P. Cuevas (Benguet State University)

**Tagasuri:**
- Amabel T. Siason (West Visayas State University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

| I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa na ang Pilipino ay kapuwa mamamayan ng daigdig. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga katangian ng Pilipino bilang kapuwa mamamayan ng daigdig upang malinang ang pakikiisa. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Nakapagsasanay sa pakikiisa sa pamamagitan ng wastong pakikitungo sa ibang lahi kung may pagkakataon o pakikisangkot sa mga pandaigdigang gawain na nagsusulong ng kabutihang panlahat.<br>a. Natutukoy ang mga katangian ng Pilipino bilang kapuwa mamamayan ng daigdig.<br>b. Nahihinuha na ang mga Pilipino bilang kapuwa mamamayan ng daigdig ay may katangi-tanging paraan ng pagkalinga sa kapuwa sa kabila ng pagkakaiba-iba ng lahi at may kakayahang makiisa sa mga pandaigdigang gawain na nagsusulong ng kabutihang panlahat.<br>c. Naipakikita ang mga katangian ng Pilipino bilang kapuwa mamamayan ng daigdig. |
| **C. Nilalaman** | Ang Pilipino Bilang Kapuwa Mamamayan ng Daigdig<br>Pagsasabuhay ng mga Katangian ng Pilipino Bilang Kapuwa Mamamayan ng Daigdig |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Pakikiisa (Cooperation) |
| **E. Integrasyon** | SDG 16: Peace, Justice, and Strong Institutions |


| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Acutrans. (2024, May 20). *Cultural sensitivity and Awareness: 5 Things to know*. Acutrans \| Certified Translation Services. https://acutrans.com/cultural-sensitivity-and-awareness-5-things-to-know/<br>*The Nobel Peace Prize 1993*. (n.d.). [Video]. NobelPrize.org. https://www.nobelprize.org/prizes/peace/1993/mandela/lecture/<br>Global, E. (2022, May 12). *10 Filipino values that make PH a top outsourcing destination*. https://www.linkedin.com/pulse/10-filipino-values-make-ph-top-outsourcing-destination-emapta |



Menguin, J. (2024a, March 24). 22 Ways Filipino Students Can Be Good Citizens | Jef Menguin. *Leadership Excellence With Jef Menguin*. https://jefmenguin.com/filipino-students-good-citizens/

*SDG Good Practices-A compilation of success stories and lessons learned in SDG implementation (First Edition) | Department of Economic and Social Affairs*. (n.d.). https://sdgs.un.org/publications/sdg-good-practices-2020

*What does global issue mean?* (n.d.). https://www.definitions.net/definition/global%20issue

Zimmerman, D. (2023, December 22). Five ways individuals can think globally and act locally - expensivity. *Expensivity*. https://www.expensivity.com/ways-to-think-globally-and-act-locally/

| **III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Gunitain ang mga katangiang taglay ng mga Pilipino bilang mamamayan ng mundo. Isulat ang mga ito sa patlang sa loob ng mga heksagono.<br><br> | |

| | | |
|---|---|---|
| **A. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin:**<br><br>**Malayang Talakayan**<br>Hikayatin ang mga mag-aaral na ibahagi ang kanilang kaisipan tungkol sa mensahe ng mga pangungusap na kasunod:<br><br>1. “Mag-isip ng global, kumilos ng lokal”. *(“Think global, act local*”.)<br><br>2. "Ang pag-ibig na pinag-uusapan ay madaling talikuran, ngunit ang pag-ibig na ipinapakita ay hindi mapaglabanan."  Stan Mooneyham, Pangulo 1969-1982<br><br>Pagkatapos ng talakayan, ipaliwanag na ang ating mga ikinikilos base sa ating mga katangian bilang Pilipino ay mahalaga sa ating pagganap ng ating responsibilidad bilang mamamayan ng daigdig. Bilang Pilipino, kabilang tayo sa mas malaking bahagi ng daigdig at gaya ng paghagis ng kahit na isang maliit na bato sa tubig sa ilog, magkakaroon ito ng *ripple effect* na makakaapekto sa buong ilog.<br><br>**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**<br><br>***Crossword Puzzle***<br><br>Basahin ang mga kahulugan ng mga salita sa ibaba. Isulat ang tinutukoy nitong salita sa *crossword puzzle*. | Maaaring pumili ng iba pang *quotation* o mensahe na angkop para sa gawaing ito.<br><br>Sagot:<br> |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pahalang**<br>2. Pribilehiyo o kapangyarihan na dapat igalang at pangalagaan ng bawat tao. Ito ay naaayon sa kung ano ang makatarungan, mabuti, o nararapat<br>4. Nauugnay sa o kinasasangkutan ng buong mundo<br>**Pababa**<br>1. Kinasasangkutan o nakakaapekto lamang sa isang limitadong bahagi ng isang partikular na lugar<br>2. Kondisyon sa kapaligiran o lagay ng panahon na umiiral sa loob ng mahabang panahon<br>3. Isang taong napilitang tumakas sa kaniyang bansa dahil sa pag-uusig, digmaan, o karahasan | |
| **B. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 3: Pagsasabuhay ng mga Katangian ng Pilipino Bilang Kapuwa Mamamayan ng Daigdig**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br><br>Ang isang responsableng mamamayan ng daigdig ay nag-iisip ng global at kumikilos ng lokal, mahalagang magkaroon ng kaalaman sa iba't ibang kultura, karapatan, pangangailangan ng mga tao at mga kasalukuyang pandaigdigang isyu. Taglay ang mga magagandang katangian nating mga Pilipino, magagamit natin ang mga ito sa pakikiisa at pakikisangkot sa mga pandaigdigang gawain na naglalayong magdulot ng kabutihang panlahat. Narito ang ilan sa mga maaaring gawin:<br><br>**1. Pakikilahok sa Pandaigdigang Isyu:** Alamin ang mga pandaigdigang isyu at maging bahagi ng mga organisasyon o grupo na naglalayong magdulot ng kabutihang panlahat. Ang pandaigdigang isyu ay tumutukoy sa isang suliranin o alalahanin na nakakaapekto sa mga bansa sa buong mundo, lumalampas sa mga pambansang hangganan. Ang paglutas sa mga ito ay nangangailangan ng kolektibong pagsisikap at solusyon mula sa iba’t ibang bansa, organisasyon, o indibidwal. Karaniwang komplikado, magkakaugnay, at may epekto ito sa iba’t ibang aspekto ng lipunan tulad ng kalikasan, ekonomiya, kalusugan, kapayapaan, at seguridad.<br><br>**Kahirapan:** Ang kahirapan ay patuloy na isang malaking hamon. Ayon sa World Bank, ang pagbabago ng *International Poverty Line* mula $1.90 (PhP | |

| | | |
|---|---|---|
| | 110.00) hanggang sa $2.15 (PhP 225.00) ay nagpapakita na ang sinumang nabubuhay sa mas mababa sa $2.15 ay tinuturing na nasa "*extreme poverty*."<br><br>**Pagbabago ng Klima:** Ang pag-init ng mundo ay nagdudulot ng malubhang epekto sa kalikasan at kalusugan ng tao. Kailangan natin nang agarang aksiyon upang mapababa ang pag-init ng mundo at maiwasan ang masamang epekto nito sa ating buhay.<br><br>**Kawalan ng Kasiguruhan sa Pagkain:** Ayon sa 2022 *Global Report on Food Crises,* halos 193 milyong tao ang nakararanas ng *acute food insecurity* noong 2021. Ito ay pagtaas ng halos 40 milyon mula noong 2020. Ang mga dahilan ay kasama ang "*economic shocks*" at mga sakunang may kaugnayan sa panahon *(weather-related disasters)* na nagdudulot ng krisis sa pagkain.<br><br>**Kawalan ng Pantay-pantay na Karapatan:** Ang diskriminasyon sa lahi, kasarian, at iba pang aspekto ay patuloy na isang isyu. Ang pagtangkilik sa pantay-pantay na karapatan ay mahalaga para sa isang makatarungan at maunlad na lipunan.<br><br>**Kawalan ng Trabaho:** Ang kawalan ng trabaho ay nagdudulot ng kahirapan at *stress* sa mga tao. Ang paglikha ng trabaho at pagpapabuti sa *labor market* ay mahalaga para sa ekonomiya.<br><br>Ang pakikilahok sa mga aktibidad na nauugnay sa naturang mga paksa ay naghihikayat sa mga pandaigdigang pananaw at mga kaugnay na pagkilos ng komunidad. Ang "Mag-isip sa buong mundo, kumilos nang lokal" *("Think global, act local")* ay humihimok sa mga tao na isaalang-alang ang kalusugan ng buong planeta at kumilos sa kanilang sariling mga komunidad at lungsod.<br><br>**2. Pagtangkilik sa Lokal na Produkto:** Suportahan ang lokal na ekonomiya sa pamamagitan ng pagbili ng lokal na produkto. Ito ay makakatulong sa pag-unlad ng iyong komunidad.<br><br>**3. Pagmamalasakit sa Kalikasan:** Maging responsable sa paggamit ng kalikasan. Iwasan ang pag-aaksaya ng enerhiya, pagtatapon ng basura, at iba pang hindi makabubuting gawain sa kalikasan na nagdudulot ng krisis sa *biodiversity*. Ang pagkawala ng iba't ibang uri ng halaman at hayop ay nagdudulot ng malubhang | |

epekto sa kalikasan. Ang pagpapahalaga sa *biodiversity* ay dapat na isama sa ating mga gawain upang mapanatili ang kalusugan ng ating daigdig.

**4. Pagtulong sa mga Nangangailangan:** Mag-*volunteer* o magbigay ng tulong sa mga nangangailangan. Ito ay hindi lamang nagpapabuti sa kanilang kalagayan, kundi nagbibigay rin ng kasiyahan sa iyo bilang isang mamamayan ng daigdig.

Ang giyera sa Ukraine at Gaza ay nagdulot ng pinakamabilis na *refugee crisis* mula pa noong WWII. Ang mga *refugee*s ay nangangailangan ng proteksyon at tulong mula sa pandaigdigang komunidad.

**IKALAWANG ARAW**

2. **Pinatnubayang Pagsasanay**




***World Vision* sa Pinas**

Ang gawain ng *World Vision* sa Pilipinas ay nagsimula noong 1957, kung saan una nilang tinulungan ang 300 bata mula sa isang bahay ampunan sa Guimaras.

**IKALAWANG ARAW**
**Pinatnubayang Pagsasanay**

Mapapanood ang *video* on *World Vision* sa *link* na:
https://youtu.be/danXRumExrg?si=j7BdwAbek_1PmokN

Maaaring ibigay ang mga katangian o talakayin.
**Mga Katangiang Pilipino at Epekto nito sa Pagiging Mamamayan ng Daigdig**

**Magalang *(Respectful)*:** Nagpapakita tayo ng paggalang sa mga nakatatanda, mga taong may awtoridad, at iba pa anuman ang katayuan sa lipunan.
**Masipag *(Hardworking)*:** Pinahahalagahan natin ang pagsusumikap at tiyaga sa pagkamit ng ating mga layunin.
**Mapamaraan *(Resourceful)*:** Kilala tayo sa ating kakayahang gumawa ng kung ano ang mayroon tayo at makahanap ng mga malikhaing solusyon.

Ngayon, nakikipagtulungan sila sa mga tagasuporta, *stakeholder*, pamilya at komunidad sa lupa upang baguhin ang mga buhay at magdala ng pag-asa.

Pagkatapos mapanood ang *video* ng *World Vision*, tukuyin ang mga kilos na ginagawa nila upang matugunan ang mga isyu at suliranin sa lipunan na may implikasyon sa daigdig. Isulat sa maliit na kahon ang kilos at sa ibaba nito ay isulat ang mga katangian ng Pilipino na ipinapakita sa paggawa ng mga ito.

Pamprosesong katanungan:
1. Paano nakakatulong ang lokal na kilos sa paglutas ng mga pandaigdigang isyu?
2. Anong mga katangian ng Pilipino ang nangingibabaw sa mga kilos at proyektong ginagawa ng mga bolontaryo sa *World Vision*?
3. Taglay niyo rin ba ang mga katangiang ito? Paano ninyo naisasabuhay ang mga ito?

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**A. Katangiang Pilipino, Ipakita mo!**

Pangkatin ang mga mag-aaral na may 4 na kasapi.

Mula sa mga nabanggit na mga pandaigdigang isyu sa talakayan at sa napanood na *video*, tukuyin kung anong katangiang Pilipino ang maaaring maipakita sa pagtugon sa mga ito. Bilang kapuwa mamamayan ng daigdig, anong lokal na kilos ang magagawa mo gamit ang katangiang Pilipinong taglay mo? Punan ang tsart. Sundan ang ibinigay na halimbawa.

| Pandaigdigang Isyu | Katangiang Pilipino Bilang Tugon sa Suliranin | Kilos Lokal (*Act Local*) |
|---|---|---|
| **Halimbawa**<br><br>Kahirapan | **Matulungin *(Helpful)*:** Tayo ay handang tumulong sa mga nangangailangan. | • Magbigay ng donasyon kahit maliit na halaga sa mga organisasyong may layunin ng |

**Bayanihan *(Community Spirit)*:** Nagtutulungan tayo at gumagawa nang sama-sama para sa kabutihang panlahat.
**Pakikisama *(Getting along with others)*:** Pinahahalagahan natin ang pagkakaisa at pagtutulungan sa ating mga relasyon.
**Matulungin *(Helpful)*:** Tayo ay handang tumulong sa mga nangangailangan.
**Masayahin *(Cheerful)*:** Positibo ang ating pananaw sa buhay at masaya tayong magdiwang.
**Magiliw sa bisita (*Hospitable)*:** Malugod nating tinatanggap ang mga panauhin at bukas-palad na ibinabahagi kung ano ang mayroon tayo.
**Maka-Diyos (*God-fearing*)**: Mayroon tayong matibay na pananampalataya at naniniwala sa kahalagahan ng espirituwal na kagalingan.
**Mulat sa kultura ng iba (*Culturally aware)*:** Alam natin na mayroong iba't ibang kultura, saloobin, at pananaw. Ang iba't ibang kulturang ito ay relihiyon, etnisidad, nasyonalidad, at iba pang mga salik. Tayo ay sensitibo sa kultura ng iba. Tinatanggap natin ang mga pagkakaibang iyon nang hindi ipinipilit na ang ating sariling kultura ay mas mahusay kaysa sa ibang mga kultura.

| | | |
|---|---|---|
| | **Mapamaraan *(Resourceful):*** Kilala tayo sa ating kakayahang gumawa ng kung ano ang mayroon tayo at makahanap ng mga malikhaing solusyon. | pagkakapantay-pantay.<br>● Tumutulong sa mga lokal na organisasyon sa komunidad sa pamamagitan ng pagbibigay ng oras gaya ng pagbolontaryo sa pamamahagi ng mga pagkain kapag may programang pakain *(feeding program).*<br>● Pakikipagtulungan sa mga batang walang gamit sa bahay gaya ng mga aklat o *internet* upang magawa ang kanilang takdang-aralin pagkatapos ng klase. |
| | | |
| | | |

**Pamproseong katanungan:**

1. Aling katangiang Pilipino ang pinakaangkop sa pagtugon sa mga pandaigdigang isyu? Ipaliwanag.
2. Paano mo maisasakatuparan ang mga lokal na kilos na ito gamit ang iyong katangiang Pilipino?
3. Ano ang inaasahan mong epekto ng iyong lokal na kilos sa komunidad? Paano ito makatutulong sa pandaigdigang isyu?
4. Paano mo mahihikayat ang iba na sumali sa iyong mga lokal na kilos? Anong estratehiya ang iyong gagamitin?

Talakayin at iproseso ang sagot ng mga mag-aaral. Ibigyang diin na ang isang tao ay maaaring gumawa ng pagbabago at ang pandaigdigang pagbabago ay magagawa na magsisimula sa lokal na aksiyon.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>

**B. BAYANIHAN!**

Sabihin sa mga mag-aaral na bilang isang klase sila ay magtutulungan at tututok sa isang pandaigdigang isyu na may kinalaman o epekto sa kanila at nais nilang tugunan sa pamamagitan ng lokal na aksiyon. Pangasiwaan ang talakayan at gabayan ang mga mag-aaral sa pagpili ng isa sa mga *Sustainable Development Goals* (SDG) para sa karagdagang pananaliksik. Ito ay upang mas maliwanagan at makapamili ng mas angkop na isasagawang kilos. Gabayan ang mga mag-aaral sa pagplano.

Gabay sa pag-uusap.

1. Ano ang isyu na nais ninyong tutukan bilang klase? Magkaroon ng talakayan tungkol sa mga isyu na may kinalaman sa kalusugan, edukasyon, kapaligiran, o iba pang aspekto ng buhay na nais ninyong pagtuunan ng pansin.
2. Paano ninyo bubuoin ang inyong lokal na aksiyon? Mag-isip ng mga hakbang na maaaring gawin sa inyong komunidad. Maaari itong maging pagpapalaganap ng kaalaman, pag-organisa ng *outreach program*, o pagtutok sa pag-aaksiyon para sa *Sustainable Development Goals* (SDGs).

Ilaan ang natitirang oras sa paghahanda sa gagawing kilos na napagkasunduan ng klase. Kung kinakailangan, pangkatin ang mga mag-aaral para sa mga komite upang masiguro na may gagawa sa mga dapat ihanda.

**IKATLONG ARAW**

Ilaan ang ikatlong araw sa pagsasagawa ng napagkasunduang gagawin.

**Pamprosesong katanungan:**

1. Ano ang mga bagong kaalaman, pananaw at karanasang kinapulutan ng aral mula sa isinagawang pagkilos?
2. Naipakita ba ninyo sa gawaing ito ang mga natatanging katangian bilang Pilipino? Sa papaanong paraan?
3. Sa hinaharap, ano ang mga posibleng hakbang na maaari ninyong gawin para sa mas malalim na pagtugon sa mga isyu at suliraning pandaigdig?

</td>
<td>

**BAYANIHAN**

Ang gawain ay maaaring sa loob ng paaralan o sa labas. Kung gagawin sa labas, siguraduhing ihanda ang mga kinakailangan papeles gaya ng *parent’s waiver* at permit.

</td>
</tr>
</table>


| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>a. Ano ang pakahulugan mo ngayon sa mamamayan ng daigdig?<br>b. Bakit mahalagang magkaroon ng kahit maliliit na pagkilos o aksiyon sa mga pandaigdigang isyu?<br>c. Ano ang mga praktikal na paraan kung paano mo magagamit ang iyong natutuhan para sa mas makabuluhang pagkilos?<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>Magsulat sa iyong *journal* ng mga natutuhan sa aralin. Bigyang-diin ang posibleng epekto ng ginawang lokal na kilos kasama ang iyong mga kaklase. | |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>**A. Basahing mabuti ang mga katanungan at piliin ang titik ng pinakatamang sagot.**<br>1. Ano ang ibig sabihin ng "*Think global, act local*"?<br>A. Paghikayat sa mga tao na makiisa<br>B. Isang kasabihan tungkol sa pagmamahal sa kalikasan<br>C. Pagkilos sa sarilng komunidad na isanasalang-alang ang buong mundo<br>D. Solusyon sa mga pandaigdigang isyu na kinakaharap ng iba't ibang bansa<br><br>2. Ano ang dapat nating gawin upang mapanatili ang kalusugan ng ating daigdig?<br>A. Alamin ang mga pandaigdigang isyu<br>B. Bumili ng mga lokal na produkto<br>C. Iwasan ang pag-aaksaya ng enerhiya<br>D. Magboluntaryo sa pagtugon ng mga pangangailangan ng iba<br><br>3. Ano ang kahulugan ng labis na kahirapan (*extreme poverty*)?<br>A. Kawalan ng trabaho ng isang magulang<br>B. Kakulangan sa mga binabaon araw-araw<br>C. Kakulangan sa pagkain sa isang pamilya upang maging malusog na mamamayan<br>D. Mas mababa ang kita kaysa sa itinakdang halaga ng *World Bank* para mamuhay ng desente.<br><br>4. Ano ang kahalagahan ng pagtangkilik sa lokal na produkto?<br>A. Makakatulong sa pag-unlad ng komunidad<br>B. Magbibigay ng kasiyahan sa mamamayan<br>C. Mapapabuti ang kabuhayan ng mga negosyante<br>D. Magiging kilala ang produkto sa ibang bansa | Sagot:<br>1. C<br>2. D<br>3. D<br>4. A<br>5. C |

5. Paano mas maipapakita ang pangangalaga sa kalikasan?
A. Mag-alaga ng mga hayop na ligaw
B. Iwasan ang pag-aaksaya ng enerhiya
C. Isabuhay ang *reduce, reuse, at recycle*
D. Pagsaway sa mga nagtatapon ng basura sa mga yamang tubig

**B. Sanaysay. Ipaliwanag sa 5-7 pangungusap lamang.**
Bakit mahalagang taglayin at ipakita mo ang mga katangiang Pilipino sa pakikipagkapuwa bilang isang mamamayan sa mundo?

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**
Magmasid sa iyong komunidad sa loob ng anim na araw. Itala ang mga kilos ng mga mamamayan sa iyong lugar na nagpapakita ng pagiging mamamayan ng daigdig.




| B. Pagbuo ng Anotasyon | Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi. | Epektibong Pamamaraan | Problemang Naranasan at Iba pang Usapin | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa |
|---|---|---|---|---|
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang pakikiisa bilang kapuwa mamamayan ng daigdig sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral ng kanilang responsibilidad bilang mamamayan ng daigdig?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod upang mapalalim ang pagtuturo ng pagiging mamamayan ng daigdig?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |